**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR**
**AND PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**JULY 28, 2021 (11:01 A.M. – 12:03 P.M)**

**SEC. ANDANAR:** Magandang umaga, Pilipinas. Ngayon po ay araw ng Miyerkules, July 28, 2021, muli nating pag-uusapan ang ilan sa mga tinalakay ng Pangulo sa kaniyang huling State of the Nation Address noong Lunes.

Live mula rito sa Butuan City, ako po inyong lingkod, Secretary Martin Andanar. Good morning, Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Good morning, Secretary Martin. Usapin pang-agrikultura, kabuhayan at kalusugan ang iisa-isahin natin ngayong umaga kasama ang ilang opisyal ng pamahalaan; ako naman po si Usec. Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** Simulan na natin ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Una sa ating balita: Muling hinimok ni Senador Bong Go ang mga kapwa mambabatas na ipasa na ang mga panukalang batas na magtatatag ng Center for Disease Control and Prevention, at ng Virology Institute sa bansa. Ilan ang mga panukalang ito sa binanggit ni Pangulong Duterte sa kaniyang SONA. Ang detalye sa report na ito:

[VTR]

**SEC. ANDANAR:** Problema sa kawalan ng hanapbuhay na mas pinalala ng COVID-19 pandemic, isa iyan sa problemang higit isang taon nang hinaing ng ating mga kababayan. Kaya naman sa pamamagitan ng TESDA, pinaigting ng pamahalaan ang pagbibigay ng oportunidad sa ating mga kababayan na matuto ng bagong skills na maaaring pagkakitaan, kaugnay niyan ay makakapanayam natin ang Deputy Director General ng TESDA, DDG John Bertiz. Magandang umaga sa'yo, John!

**TESDA DDG BERTIZ:** Magandang umaga po, Secretary Martin and Usec. Rocky. Magandang umaga po, sir!

**SEC. ANDANAR:** DDG, noong SONA 2020, sinabi ni Pangulong Duterte na maghanap ang TESDA ng paraan para tulungang ang mga manggagawang mas maging competent sa kanilang tungkulin. Ngayong 2021, masasabi po bang naisakatuparan ng TESDA ang ipinag-utos ng Pangulo isang taon ang nakalipas?

**TESDA DDG BERTIZ:** Opo, Secretary Martin. Actually nga po noong nakaraan SONA, makalipas po ang isang taon ay nakapagbukas po tayo ng tinatawag po nating mga partner industries. Mahigit po sa 63 partnership talks ang tinatawag under our enterprise-based training program, at

22 po diyan ay napirmahan na po ng TESDA under the leadership of our Secretary Lapeña. At ito po ay ang nagbibigay ng mga oportunidad na trabaho sa ating mga kababayan, hindi lamang po iyong mga nawalan ng trabaho pati na rin po iyong mga isang milyong mahigit na na-repatriate na natin na mga OFWs.

Isa rin malaking tulong ito, Secretary Martin Andanar, sa ating mga industriya. Kasi po under the enterprise-based training program ay nagbibigay po tayo ng mga pagsasanay sa mga walang trabaho o iyong mga dati na pong nagtatrabaho na gusto pong magkaroon ng karagdagang kaalaman.

And under this enterprise-based training program, habang sila po ay nagti-training sa mismong kumpaniya, sa mga industriya na ka-partner po natin ay sumasahod na po siya, ang ating mga learners; at mayroon din po silang natatanggap na allowances sa TESDA.

Ano po ba iyong tulong nito sa ating mga kumpaniya na apektado rin ng pandemya? Sila naman po ay nakatatanggap po ng mga tinatawag nating tax incentives sa gobyerno; at mapipili po mismo nila iyong mga talagang karapat-dapat or talagang iyong mga graduate natin.

Actually nga po, doon lang po sa IT-BPO industry natin dahil nga po sa demand ngayon ng mga online selling, iyong mga tinatawag nating delivery, tumaas po ang mga demand sa mga trabaho na iyan kaya nga po mayroon tayong tinatawag na contact centers training program. Iyong ating mga graduate po para maging call centers agent ay hind pa po sila guma-graduate, may mga partner po tayong mga IT-BPOs na ina-absorb na po sila.

Katunayan nga po, Sec. Martin, mayroon po tayong 143 enterprise-base training implementers nationwide sa buong Pilipinas po ito, na ito po ay mga kumpaniya na ka-partner natin.

Sa atin naman pong mga OFWs, andiyan po iyong ating TESDA Abot Lahat ng OFW, mayroon po tayong 100 courses available sa TESDA through our TESDA online training program. At sa ngayon po, actually nga po ay nakapagserbisyo na po tayo nang mahigit sa 586,000 assisted OFW through this program.

Mayroon din po tayong mga 383,000 returning OFW na natulungan po ng programang ito doon sa tinatawag nating assisted in one-stop service center for Overseas Filipino Workers; nandiyan po sa airport. Lahat po ng ating mga regional offices ay mayroon po tayong mga opisina, iyong tinatawag nating Malasakit Desk para sa OFW.

Under naman po sa tinatawag nating iSTAR Program in partnership with other government agencies and Coca-Cola Foundation, mahigit po sa 200,000 women empowered under the iSTAR program. Ito po iyong sari-sari training and access to resources wherein tinuturuan po natin sila ng entrepreneurship at iyong tinatawag po nating small business. At pagka-graduate po nila ay binibigyan po sila ng mga financial partners po ng TESDA at ng Coca-Cola, ng puhunan para makapagsimula.

At nilunsad din po natin iyong tinatawag nating OFW RISE (Reintegration and Skill Entrepreneurship Program). Iyong mga repatriated OFW natin ay nabibigyan po sila ng

pagsasanay kung ano po ba iyong gusto nilang kunin o pasuking hanapbuhay. Dito naman po pumapasok iyong sinasabi ng ating mahal na Pangulong Duterte, iyong upscaling, retooling and reskilling. So pagka-graduate po nila, halimbawa gusto nilang magtayo ng isang coffee shop, mayroon po tayong mga training regulations or training courses diyan – sa barista, paggawa ng pandesal, pastry making at iba pa po.

So ito pong mga programa na ito, kapag sila po ay grumadweyt, makaka-access naman po sila sa puhunan under the National Reintegration Center for OFW under OWWA po iyan. Mayroon po silang matatanggap na puhunan as much as more than one million po para makapagsimula.

And of course, iyong mga sinasabi po natin na mga partner industry natin, dahil po sa Build, Build program. Noong nakaraan nga po bago magpandemya, kulang po tayo sa mga skilled workers kaya medyo nagmenos po tayo ng pagdi-deploy. Pero ngayon po, we took that opportunity to harness all those talents, knowledge and experiences of those OFWs para mapakinabangan po sa Duterte nation building. Ang dami po nating demand para sa mga welders, para sa ating mga engine mechanics, iyong mga—especially just recently, sir, we have signed MOA with Daiken Corporations of Japan. Ina-attend-an pa nga po ito, of course, ng aming mahal na Secretary Lapeña and the Ambassador of Japan. Ito po ay isang napakalaking partnership wherein TESDA entered with one of the biggest air-conditioning manufacturing company in Japan and here in the country; magbibigay po ito ng ilang libong oportunidad para po sa pagsasanay at ganoon din po job opportunities.

Alam ninyo naman po ang demand ng air-conditioning ngayon, mapa-sasakyan, building man iyan or even a small household ay nangangailangan. We will train them free. And actually po, nagbigay din po ng donasyon ang Daikin para magkaroon po tayo ng state-of-the-art laboratory dito po mismo sa TESDA. And it is not only that, it is also will open door and opportunities for our OFW na gusto pong maging skilled worker sa larangan po ng air conditioning.

And we are so very happy to announce also, sir, one of the accomplishments is signing with the—on the day of SONA, our Secretary Lapeña signed a memorandum of agreement with the National Dairy Authority. Napakalaki pong tulong ito para po sa ating mga agrikultura, sa mga farmers lalung-lalo na po sa dairy industry na kailangan po ng ating bansa nang sa ganoon hindi na po tayo mag-iimporta. Magti-train po tayo ng mga magsasaka doon sa modern technology in dairy farming and agriculture po.

Of course one of our partner is Nestle Philippines that will go into help also our coffee farmers lalo na po, sir, diyan po sa inyong region – Butuan and Mindanao and Batangas, all over the country – we are helping our coffee growers at isa po ito sa talagang napakalaking industriya because Philippines is one of the major users of coffee.

So matutulungan po ang ating mga magsasaka ganoon na rin po mismo po iyong mga ka-partners natin, sila na po ang bumibili noong produkto.

We are getting a new technology, ganoon din po iyong mga training regulations and modules sa ating mga partners. And aside from that para sa mga skilled worker naman po natin, we even partnered with the Philippine Contractors Association, Philippine Welding Association and lalung-lalo na po dahil nga po sa paglaganap ng COVID-19, ng pandemyang ito, we were able to produced 2,978 contact tracer all over the country. Mahigit po—halos 1,800 of those are already

hired sa mga local government units and we are closely coordinating with our Contact Tracing Czar na si Mayor Magalong po. So ito po iyong mga pakikipag-ugnayan po natin at sa iba pa pong mga industriya, Mr. Secretary.

**SEC. ANDANAR:** DDG John, sa palagay ninyo ba ay talagang susi ang free upscale training ng TESDA para matugunan ang problema ng unemployment at underemployment sa bansa?

**TESDA DDG BERTIZ:** Tama po, Mr. Secretary Andanar. Kasi nga po—dapat po hindi lamang po magkaroon ng mga bagong kaalaman, ito po ay hinuhubog natin ang ating mga kababayan – OFW man iyan or mga nawalan ng trabaho rito – na magkaroon nang bagong kakayahan and at the same time under the Duterte government is we are connecting them hanggang kabuhayan po.

So kaalaman, kakayahan hanggang kabuhayan – ito po ang programa natin. It must be a holistic approach from enrollment to employment kasi we are partnering with the different local government units kung ano po iyong pangangailangan ng ating mga probinsya. Ganoon na rin po ang national government unit natin because TESDA is the training arm of the government – nandiyan po tayo sa agrikultura, nandiyan tayo sa constructions/divisions, IT-BPO, healthcare, tourism – lahat po halos ng industriya na iniikutan natin ay kailangan po ng mga pagsasanay.

It's not only that, our dear Secretary Martin, it is a demand-driven program – iyong tinatawag nating area based. Ano ba iyong kailangan ng industriya? Ito po iyong kini-create ngayon ng TESDA para hindi naman po mag-train ka lang tapos bahala kang maghanap ng trabaho, hindi po. Ngayon po nili-link na natin sila sa mga partners natin. Just recently po through the endorsement and kindness of our former President Gloria Macapagal-Arroyo, we were able to penetrate CILA which is the Clark Investor Locator Association po. Mayroon pong 265 industry-members po iyan – from aviation to logistic to manufacturing to… lahat po, material handling, training.

So nakipag-partner po ang TESDA sa kanila at sa iba't ibang kumpanya – even leisure – iyong mga casinos, golf courses po diyan sa loob ng Clark and Subic – tayo po ay nabigyan ng pagkakataon para makipag-partner sa kanila and this will create thousand or probably hundreds of thousands of job opportunities sa ating mga kababayan. Just because of the railway being built going to Clark, the airport modernizations and Clark becoming the central hub cargo of our country.

So iyong mga ginagawa po nating pagsasanay and of course we are towards going to the 4th industrial revolutions na ito po ang hinahanap din po ng ating mga karatig-bayan or karatig na mga ibang bansa na of course as under the Secretary Lapeña's leadership, we are the inaugural chairman of ASEAN Event Association po dito sa buong Asya. And of course we are also coordinating with different embassies, different countries.

Just recently we had a meeting with Japan and New Zealand in regards to the demand for the skilled workers, sir.

So ngayon po kailangan po talaga mapagtibay natin ang partnership, iyong tripartism ng gobyerno, ang ating mga kababayan, ganoon na rin po ang private sector kasi this will create job, this will create knowledge and capabilities sa ating mga kababayan. Iyong dati pong ordinaryong domestic worker, we have a lot of live testimony – dati silang domestic workers sa Kuwait, sa Hong Kong – ngayon po sila na po ay nagtatrabaho sa mga IT-BPOs at the comfort of their homes. Hindi na nila kailangang pumunta pa sa mga opisina sa Makati, sa Taguig, sa Laguna –

sa bahay po mismo nila dahil binibigyan po sila ng mga laptop, ng mga partner IT-BPOs natin at doon na po sila nagiging call center agent.

Iyong mga kababayan naman po natin na mga OFWs sa ibang bansa ay mayroon din po silang access sa ating TESDA online program. Kapag day off po nila, nag-aaral sila ng bread making, pastry making even small engine mechanics. Sa napakarami po nating mga motorista, iyong mga riders po natin, mayroon po tayong programa para sila ay magkumpuni ng kanilang mga motor kasi nga kakatiting lang naman po ang kinikita ng ating mga riders so ibig sabihin mapupunta pa sa pagkumpuni o pag-change oil ng kanilang motor 'pag dinala nila sa mga talyer.

Pero ngayon po, nagbibigay po tayo ng small engine in partnership also with dealers or iyong mga—tulad po ng Honda, Kawasaki at iba pa pong mga brand ng mga motor. Sila po mismo nagdu-donate ng mga motor sa ating mga training centers para po mismong aktuwal mapag-aralan nila itong mga ganitong pagkumpuni ng mga small engine. Ganoon din po in partnership with LTFRB and LTO, we are giving now iyong free NC2 driving skills training program natin.

So ito po lahat ng mga programa, sa loob lamang po ito nangyari, Mr. Secretary, sa panahon po ng pandemya. Tinutulungan po kasi natin hindi lamang po iyong mga nawalan ng trabaho, iyong displaced worker, iyong programa po natin – alam ko po nagkasama po tayo sa Mindanao, iyong Balik Probinsya Bagong Pag-asa. The first Balik Probinsya village na nilagay po diyan sa Mindanao, nandoon po kaagad ang TESDA kasi po iyong mga pagtatayo po noong bahay, mismong iyong mga resident doon – ito po iyong tinatawag naming dual training system naman. Iyong mga residente po doon lalo na po kung nasunugan or nabagyo, habang sila po ay nagkukumpuni ng sariling bahay, nandiyan po ang TESDA through our TESDA Mobile Training Program na sila na po mismo ang gumagawa at tinuturuan po ng TESDA.

Noong nagkaroon po ng bagyo sa Marikina, nandiyan po kaagad ang TESDA – may dala po tayong mga solar equipment na gawa po mismo ng ating mga estudyante na napakinabangan po pang-charge ng cellphone nila. And then we are helping and teaching them in cooperation with the local government unit kung paano po—

**SEC. ANDANAR:** Sir, pasensiya na. Tayo'y naubusan ng oras. Gustuhin man natin talakayin lahat, siguro we can reschedule another interview para mapag-usapan natin ang buong trabaho ng TESDA. We have program called The Cabinet Report and I will ask my producer to reach out to you. Mabuhay ka DDG John and regards sa ating mga kaibigan.

**TESDA DDG BERTIZ:** Mabuhay po kayo, Mr. Secretary. God bless you po.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, mas maayos na vaccination process sa Baguio City ipinapatupad. Magbabalita si Florence Paytocan ng PTV Cordillera:

[NEWS REPORT]

**SEC. ANDANAR:** Tinatayang (unclear) porsiyento ng Gross Domestic Product ng Pilipinas ang nagmumula sa sector ng agrikultura, kaya naman isa rin ito sa pangkaraniwang laman ng talumpati ng Pangulo sa mga nagdaang SONA niya.

At nitong Lunes nga, dalawang pinirmahang batas ni Pangulong Duterte ang kaniyang inilahad para sa ating mga magsasaka; iyan ang pag-uusapan natin kasama si Department of Agriculture Secretary William Dar. Magandang umaga po sa inyo, Sec. Willy.

**DA SEC. DAR:** Sec. Martin, good morning at happy post SONA. Nandito din ako ngayon sa Cabanatuan City at mayroong activity dito po ng National Food Authority. We inaugurated two big warehouses, 100,000 capacity po itong, tig-100,000 capacity itong NFA warehouse. So we are in the field as well.

**SEC. ANDANAR:** Congratulation, Sec. Willy. Unahin ko nang itanong ito: How satisfied were you with the speech of Presidente Duterte sa kanyang huling SONA noong Lunes? May mga gusto ba kayong marinig sana na hindi nabanggit ng Pangulo?

**DA SEC. DAR:** Well, nasabi na po ng ating mahal na Pangulo—una, let me highlight iyong related sa agriculture. Iyong pasasalamat niya sa mga frontlines, in regards sa food supply chain. So, alam ko na kasama po ang sector ng agrikultura iyan at iba't ibang departamento at iba't ibang institution sa gobyerno. So NFA kasama iyon, mga regional field [unclear] natin. At nagpapasalamat nga ang Pangulo na in spite of the pandemic ay walang problema sa sapat na pagkain, may sapat na pagkain.

Number two, Sec. Martin, nabanggit rin ng ating mahal na Pangulo iyong batas na Rice Tariffication Law at mga components niyan, may RCEF na nagbibigay ng 10 billion pesos and this has helped and will continue to help iyong rice farmers, not only the rice farmers, ay itong consuming public, kasi mas mababa na ang presyo ng bigas sa merkado. At iyong pagsasabatas nito, iyong pagsuporta sa rice industry ay malaking development sa ating bansa.

Now the third part, he is mentioning relatedly sa agriculture, ay itong Coconut Farmers and Industry Trust Fund Act. This is a Republic Act 11524. So, I have always said before na itong Coconut Farmers and Industry Trust Fund Act ay this is a game changer that will modernize the Philippine coconut sector and there are a good number of components or interventions under this act that will really shape the future of the coconut industry.

Sabi ko nga itong coconut industry ngayon ay sleeping giant, only contributing 4% sa gross value added in agriculture. So, with now, itong investments every year, starting 10 billion, para sa iba't ibang components ay ito na iyong sinasabi po natin na, this is now the time for the coconut farmers and the whole of industry to really benefit from all their efforts.

And lastly, may nabanggit of course and ating mahal na Pangulo na iyong promise niya na free irrigation at alam naman natin na ang makikinabang po ang mga nasa agrikultura, mga rice farmers and other farmers. So, these are very important initiatives of the Duterte administration, Sec. Martin.

**SEC. ANDANAR:** Sec. Willy, sa ngayon ba ay nasaan na ang milyung-milyong piso na binanggit ng Pangulo para pondohan ang programa para sa mga coconut farmers?

**DA SEC. DAR:** Alam ninyo doon sa Coconut Farmers and Industry Trust Fund Act, hinahanda po natin kagaya po doon sa may selection process ang mga farmers na representing them in the board. So, ongoing process.

Number two, iyong listahan ng coconut farmers ay ina-update para sa ganoon ay iyong mga ayuda na ibibigay through this law ay very, fool proof iyan at makikinabang dapat iyong coconut farmers.

So, in due time, Sec. Martin, ay maumpisahan na iyong mga iba't ibang components ng trust fund act na ito.

**SEC. ANDANAR:** Sec. Willy, nabanggit ninyo kanina itong Rice Tariffication Law. Sa kabila ng magandang intention na matulungan ang mga palay farmers natin, marami rin ang bumabatikos, dahil sa anila ay import, import policy daw ng pamahalaan. Ano po ang masasabi ninyo rito?

**DA SEC. DAR:** Dapat malaman ng madla, Sec. Martin, the country today, only produces about 90% of rice requirement po natin. So, to be food secured iyong kakulangan na 10% ay iyon po ang inaangkat ng pribadong sektor. Now, let me add, there is a new record rice harvest last year at the level of 19.4 million metric tons. And that brought us to 90% sufficiency level.

Now, with additional resources coming from government, we are targeting additionally 1 million metric tons more. Para sa ganoon ay pupunta na iyan sa 95%. At ang mga datos natin ngayon, itong percent nitong taon na ito ay record harvest na, itong 95%. At sana tuluy-tuloy dito sa second semester, para by the end of the year, it will reach [garbled] ito ay talagang record, bagong harvest ulit sa rice production.

**SEC. ANDANAR:** Sa ngayon ay ilang palay farmers na ba ang nakinabang at inaasahan pang makikinabang mula sa RCEF na ito?

**DA SEC. DAR:** Alam ninyo iyong RCEF na iyon, mayroong mga probinsya na dedicated para doon sa inbred rice at iba't ibang components iyan. Tapos sa more than one million na iyong nakikinabang sa RCEF; pero mayroon naman tayong other components or other national rice production programs. So, last year we had a total budget of 30 billion at this year ay almost the same.

So, iyong iba't ibang probinsiya na nagra-rice production din ay mayroong tulong din na galing sa regional field offices natin.

Ito iyong accomplishments sa RCEF para mabigyan natin ng diin itong bagong batas na Rice Tariffication Law and part of that is the Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF):

1. Una, sa Mechanization, number of machineries procured ay 15,858;
2. Number of machineries delivered ay 11,802;
3. And number of farmer beneficiaries na naka-receive na ng makinarya ay 220,371.

Now, doon sa pamimigay naman ng Seeds, iyong inbred seeds ay malaki na rin ang naitulong, ay dito sa seeds in terms of bags distributed itong dry season 2021, 1.6 million bags at nitong wet season ay nasa 920,293 bags. Number of beneficiaries nitong dry season 2021 - 661,567 and wet season 2021 – 375,292 farmers. And estimated area planted: Dry season 2021 ay 781,267 hectares and wet season is 438,830.

Now, sa Credit component naman: Individual farmers – 60,840; Farmer cooperatives – 113; Number of cooperatives as to borrowers– 15,508.

Now, sa Extension, ito iyong pang-apat po na component ng RCEF:

1. Trained specialist – 336;
2. Trained trainers: 10,423;
3. Trained farmers – 71, 962;
4. Trained seed growers – 1,259. And we have also established farm schools – 121; Distributed IEC materials to 2.86 million level. Reached farmers of KSL activity ay 1.27 million

farmers; and assisted and monitored farmers cooperatives and association for enterprise development – 1,858.

So, umaarangkada na, umaandar na ang RCEF, Sec. Martin, at kasama ng iba't-ibang programa sa rice kagaya ng hybrid rice production, na mas mataas ang productivity levels by almost 2 metric tons per hectare.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po at mabuhay kayo, Secretary William Dar!

**DA SEC. DAR:** Maraming salamat ulit, Sec. Martin. At siguro mensahe ko ulit ay we are still in the fight against COVID-19, we should not slacken. Let's continue and move forward to do 'Plant Plant Plant.' Ito iyong ating pagsangga sa kagutuman at para sa ganoon mas mataas po ang ating food production levels para mas malabanan po natin itong pandemya na nandito pa rin sa ating bansa.

At alam po natin na may pag-asa pa tayo at ang sektor ng agrikultura ay nagpapakita ng magandang performance in spite of all of these big challenges, ang tawag ko diyan ay perfect storm, pero properly budgeted and supported and properly invested by the private sector and with our partners with from LGUs working together with us ay malalampasan po natin itong mga iba't-ibang sakuna na nandito po sa ating bansa.

Tulong-tulong lang po tayo. We have to rise as one. Marami pong salamat!

**SEC. ANDANAR:** At iyan po muna ang talakayang hatid natin ngayon, Secretary Willie at magandang umaga po sa inyo.

See you all tomorrow, USec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Secretary Martin at mag-iingat po kayo diyan.

Dumako naman tayo sa pinakahuling balita sa pagbabakuna sa Davao Region. Magbabalita si Hannah Salcedo ng PTV Davao:

[NEWS REPORTING]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Hannah Salcedo.

Sa naging panayam kahapon sa OCTA Research, sinabi nila na nagsisimula na ulit ang pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa Metro Manila at para hindi raw tayo matulad sa Indonesia at iba pang mga bansang tinamaan ng Delta variant, ngayon pa lang ay dapat ng magpatupad ng mas mahigpit na protocol.

Para bigyan tayo ng update sa COVID-19 situation ng Metro Manila, makakausap po natin si Dr. Manuel Mapue II mula po sa Regional Epidemiology and Surveillance Unit ng DOH-NCR.

Good morning po, doc!

**DR. MAPUE II:** Magandang umaga po, Usec. Rocky!

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc, kayo po ba ay sumang-ayon sa naging pahayag ng OCTA Research kahapon na nagsimula na nga ulit iyong surge ng COVID-19 cases dito sa Metro Manila bagama't talagang iniiwasan natin iyong salitang "surge," doc.?

**DR. MAPUE II:** Sige po. Batay po sa aming tala hanggang kahapon, hindi po natin siya matatawag talaga na surge pa sa ngayon po. Wala po tayong ebidensiya pa para tawagin itong surge although makikita po natin na nag-uumpisa na nga pong tumaas iyung mga kaso.

Mangilan-ngilan pong LGU natin sa NCR nakitaan na po ng mga pagtaas and batay sa ating—

**USEC. IGNACIO:** So, alin pong mga—Go ahead, doc.

**DR. MAPUE II:** Kung titingnan po natin iyong sa aming talaan, medyo—kasi ibinabase po natin iyong ating analysis base po doon sa average daily attack rate o iyong tinatawag nating ADAR and base po dito sa ating tala ang Lungsod po ng Las Piñas, ang Lungsod ng Makati, Lungsod ng Pasay at Lungsod po ng San Juan ay nakikitaan na po ng medyo mabilis na pagtaas.

And then lahat po noong—may mangilan-ngilan or karamihan po doon sa ating mga local government units nag-uumpisa na ring tumaas although hindi pa po stable iyung pagtaas, may araw po na mababa iyung—mayroong araw na kaunti lang ang nadadagdag sa kaso nila and mayroon ding mga araw na nabibigla iyong pagdami ng kaso. Isinasaalang-alang din po iyong mga late na nari-report sa amin.

Iyon po, USec.

**USEC. IGNACIO:** Doc, nakita ko sa newsfeed ko ini-report ni Quezon City Mayor Belmonte na 80 sa bilang ng mga pulis po dito sa Quezon City nagpositibo sa COVID-19 kaya nga po ang suggestion rin ng OCTA ay go fast and go hard. Ang ibig sabihin po, ngayon pa lang daw po ay magtakda na ng mas mahigpit na lockdown habang kaya pang pigilan ang surge; pero ngayon pag-uusapan daw po ng IATF. Sa palagay po ba ninyo sapat na muna sa ngayon ang pag-extend po ng curfew hours o mayroon pang dagdag na measures na maaaring ipatupad ng Metro Manila Mayors?

**DR. MAPUE II:** Iyong pagdagdag po ng curfew hours natin makakatulong iyon dahil malilimitahan po natin iyong paggalaw ng mga tao lalo na po sa gabi. Pero ang nakikita po nating napakaimportante dito sa makontrol natin iyong nag-uumpisang pagtaas ng mga kaso ay ang mahigpit na pag-i-implement noong ating mga protocol, when it comes to quarantine. And then kailangan pa rin po talagang paigtingin iyong pag-i-implement lalung-lalo na po iyong tinatawag na PDITR and then iyong ating contact tracing hanggang third generation. Kasi po, may nakikita rin kami na mga infection na nangyayari sa mga second generation contacts po.

And then siyempre po makakatulong din po kung iyong ating mga kababayan ay tumulong din po at praktisin nila iyong minimum public health standards lalung-lalo na po iyong pagsuot ng mask,

pagsusuot ng face shield, paghuhugas ng kamay at limitahan po iyong paglabas at lalo na po magtungo sa mga matataong lugar.

**USEC. IGNACIO:** Opo, sa pinakahuling report po ng Philippine Genome Center, 22 na nga po iyong sinasabing locally transmitted na Delta variant dito sa Metro Manila, may breakdown po ba kayo kung saan-saang mga siyudad nanggaling ang 22 na ito?

**DR. MAPUE:** Actually po ang nasa tala po namin ay 25 na po, Usec. Rocky. Ito po ay kasama na po dito iyong mga nauna:

1. Mayroon po ang Las Piñas na isa;
2. Ang Makati na isa;
3. Ang Malabon, isa;
4. Sampu po mula sa Lungsod ng Maynila;
5. Isa sa Parañaque;
6. Pito sa Pasig;
7. Isa sa Quezon City;
8. Dalawa sa San Juan;
9. At isa sa Taguig.

Dito po sa 25 na ito, walo na po ang gumaling, isa po ang namatay at kasalukuyan po ngayon, 16 po iyong active ang kanilang sakit po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc, mayroon lang akong pahabol na tanong, mula sa ating kasamahan sa media na si Tuesday Niu ng DZBB. Ang tanong niya: Kung hindi daw po surge ang tawag, ano po ang indikasyon ng sinasabi ninyong medyo mabilis ang pagtaas ng mga kaso sa ilang lungsod sa NCR?

**DR. MAPUE:** Binabase nga po namin iyon doon sa iyong two-week growth rate, kasi dito po natin nakita iyong percentage ng pagtaas.

Meaning, kinukumpara po namin iyong mga kaso nila nitong present na dalawang linggo. Ipagpalagay po ninyo ngayon, July 27 tayo, so ngayong linggo na ito, saka iyong isang linggo po, ina-add natin iyong mga bagong kaso nila, ikinukumpara po ito doon sa mga kaso naman noong last week ng June at first week ng July. Tapos kinukumpara po doon, dito po natin tinitingnan kung gaano po iyong itinataas nila, kung ilan po iyong percentage. So ganoon po namin kinukuwenta para natin masabi iyong pagtaas. Kasi po kapag sinabi mo namang surge, makikita mo na biglang sipa, tapos hindi siya [garbled] talaga lagi ng kaso, ganoon kadami.

**USEC. IGNACIO:** Doc, iyong second question po niya: Ano daw po ang hinihintay ninyong palatandaan o indikasyon para sabihin ninyong may surge na ng COVID-19 dito po sa NCR?

**DR. MAPUE:** Kapag nakita na po, Ma'am, iyong naging steady na siya na talagang laging mataas iyong kaso.

Pero ngayon, hindi naman po ibig sabihin iyon na gagalaw po tayo ng pataas pa lang. Sa ngayon pa lang po naka-prepare na po tayo. In fact, na-meeting na po namin ang hanggang level po ng local government unit pati po ang surveillance nila at ito nga po iyong mga ginagawa natin. Nagdagdag na rin po tayo ng mga supplies natin, logistics natin kagaya ng mga PPEs, disinfectants, mga gamot natin, mga mask and then pinaigting pa po iyong pagbabakuna sa ating mga mamamayan lalo na po, iyong ating mga senior citizens saka po iyong ating mga

comorbidities. Kasi po alam naman natin na ito iyong mas malaki iyong chance na maging serious ang kanilang karamdaman. So, ito po ang tinututukan sa mga pagbabakuna natin ngayon, aside po iyong iba pa nating mga class, iyong A1, tapos pati po iyong ating mga A4 at A5.

And then, bale nag-distribute na rin po kami ng mga ambulansiya sa kaniya-kaniyang mga LGU at mga hospitals po and then in-strengthen pa po natin iyong ating referral system. And then, bukod po dito, patuloy pa rin po iyong pakikipag-meeting ng ating rehiyon sa MMDA as well as po doon sa ating mga local government units and then we have our daily reporting para mas ma-monitor pa po iyong mga magkakasakit at iyong mga nabibigyan po ng bakuna.

**USEC. IGNACIO:** Opo, kami po ay nagpapasalamat sa inyong panahon, Dr. Manuel Mapue II. Mula sa po sa DOH NCR. Stay safe po, Doc.

**DR. MAPUE:** Maraming salamat po at ang paalala ko lang po sa ating mga kababayan, hindi po ito responsibilidad lang ng gobyerno. Ito po ay responsibilidad nating lahat lalo na po, dapat po magsimula ito sa ating mga kababayan ang kanilang pag-iingat at ang pagpa-practice po ng minimum public health standards natin.  Maraming salamat po.

**USEC. IGNACIO:** Salamat po. Doctor. Samantala tuluy-tuloy ang pagdating ng bakuna sa mga natitirang araw ng Hulyo. Bukas nga po ay nakatakda naman ang shipment ng 1.5 million doses ng bakuna na Sinovac at hindi rin tumitigil ang ating mga vaccinator sa pamamahagi nito. Para bigyan tayo ng update sa isinasagawang vaccine rollout ng pamahalaan, makakasama natin ngayon si Deputy Chief Implementer ng National Task Force Against COVID-19, Secretary Vince Dizon. Magandang umaga, Secretary Vince!

**SEC. DIZON:** Magandang umaga, Usec. Rocky, at sa lahat ng tagapanood.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, may magandang balita daw po kayo pagdating sa dami ng nabakunahan na ngayon laban sa COVID-19. Ano po ito, go ahead po?

**SEC. DIZON:** Opo, Usec. Rocky, magandang balita po para sa ating mga kababayan sa buong bansa. Kahapon po ay umabot po ang ating bakuna ng 659,000, for the first time po nalampasan natin ang target natin na 500,000 sa isang araw.

At dahil po doon, makikita po ninyo, 18 milyon na pong mahigit ang doses na ating nabakuna at dahil po diyan 11 milyon ang nakatanggap na ng first dose at mas importante po, halos 7 milyon na po ang fully vaccinated na mga kababayan natin.

Kaya nagpapasalamat po tayo sa lahat ng mga LGU, sa lahat po ng mga provincial governments, mga regional offices ng DOH dahil po team effort po ito; lahat po nagsama-sama para maabot natin at malampasan pa natin ang ating target.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, iyong 600,000 jabs ay kaya ba nating i-maintain para maging average daily administered doses?

**SEC. DIZON:** Nakita po natin na kung sa kaya, kaya po. Ang kailangang lang po talaga natin ay tuluy-tuloy na supply at maraming supply. In fact, kung tuluy-tuloy po at dumami pa ang ating supply kada buwan, eh kaya pa nating lampasan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tingin ninyo, Secretary, iyong pagtaas ng bilang na ito ay dahil sa vaccine confidence, lalo at marami ng gustong magpabakuna o natatakot dahil sa Delta variant?

**SEC. DIZON:** Kasama po ang pagtaas ng kumpiyansa, Usec. Rocky. Alam natin sa mga nakaraang survey, napakalaki na, halos dumoble mahigit ang kumpiyansa ng ating mga kababayan sa bakuna. Dahil na rin iyan sa—kasama din diyan siyempre ang konting takot dahil sa Delta variant.

Pero, tayo ay natutuwa po na nakikita po natin ang mga kababayan natin ay dahan-dahan po ay naniniwala sa bakuna at naniniwala po na kailangan nilang magpabakuna hindi lamang para protektahan ang sarili nila pero para protektahan ang kanilang mahal sa buhay.

Pero, dahil din po pagtataas natin ng jab rate ay iyong walang tigil pong trabaho ng ating mga health care workers at frontliners at iyong ating mga local government units na tuloy-tuloy po ang pagbabakuna. Napakalaki po ng kanilang kontribusyon sa effort na ito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, we are facing against time, iyan nga po ang binabanggit ng mga eksperto dahil sa lumalaking banta ng Delta variant sa bansa. So, how do we sure na sakali [garbled] na puwede maideklara - na huwag po sana - na may community transmission na ito ay protektado na kahit papaano ang ating mga kababayan?

**SEC. DIZON:** Alam ninyo po, nakikita natin sa eksperiyensya ng ibang bansa na tinamaan din ng Delta na pag ikaw ay bakunado, lalo na bakunado ng buo ibig sabihin kumpleto na ang bakuna, very minimal po ang magiging epekto.

Now hindi ka magkakaroon ng malubhang sakit, hindi ka mauospital at siyempre iyong pinaka-importante, hindi ka mamamatay. Iyon po ang epekto ng bakuna, kaya po kailangan talaga bilisan pa natin lalo ang ating pagbabakuna lalo na sa mga area na mataas ang risk sa Delta variant.

Ngayon nakikita na natin sa NCR, delikado po ito sa ating mga kababayan lalo na iyong hindi pa bakunado, mag-ingat po tayo at kung maaari po kung hindi naman kinakailangan sana po ay huwag na tayong masyadong lumabas dahil po delikado tayo dito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, dahil diyan may mababago po ba sa distribyusyon ng bakuna base sa lumalabas na location ng Delta variant cases sa ngayon?

**SEC. DIZON:** Ang prinsipyo naman po natin lagi ay kung saan mataas ang risk doon po mas marami ang bakuna; so, tuloy-tuloy pa rin po tayo doon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Naging bahagi sa SONA ng Pangulo, iyong hirap na dinaranas ng mga kababayan natin para lang daw po makakuha ng bakuna - madaling araw sa pila, nauulanan at nababaha ang ilan sa kanila. So, ano po ang mga posibleng pagbabagong gagawin natin para hindi nila ma-experience ito?

**SEC. DIZON:** Kinausap na po, sa aking pagkaka-alam ni Chairman Benjamin Abalos at ni Secretary Ed Año, ang iba't ibang mga LGU. Siyempre po lagi namang may room for improvement at ayaw na ayaw po nating lahat kasama na rin ang ating mga LGU na mahirapan ang ating mga kababayan natin.

Kaya po I'm sure, mag-a-adjust po tayo lalo na ngayong tuloy-tuloy na ang ulan. Pero, ang maganda lang po diyan, kagaya ng sinabi mo kanina USec. Rocky, tumataas po ang kumpiyansa ng mga kababayan natin na kahit na umuulan, kahit bumabaha gusto nilang magpabakuna.

**USEC. IGNACIO:** Circuit breaker lockdown ang mungkahi po ng OCTA Research as early as now para daw po maagapan ang sitwasyon. So, ano po ang reaction ninyo sa National Task Force tungkol dito?

**SEC. DIZON:** Kailangan pong seryosohin natin itong Delta variant na umiikot na dito sa mga iba't-iba nating siyudad. Nakita natin ang experience po ng ibang bansa, kailangan maghanda tayo dito at kailangan lahat ng option ay maging open tayo kung ano ang puwedeng gawin.

Pero, siyempre, kailangan ibalanse natin lahat iyan, napakahirap po ang mga desisyon na ganito lalo para sa ating mahal na Pangulo, kaya po kailangan guided lang po tayo ng ating mga eksperto at pipilitin natin makahanap ng balansiyadong solusyon; pero po, talaga pong napakadelikado nitong Delta variant kaya dapat po talagang maghanda tayo ng mabuti at bilisan natin lalo ang ating pagbabakuna.

**USEC. IGNACIO:** As Deputy Chief Implementer Secretary, masasabi ba natin nakahanda tayo to face this Delta variant surge na huwag naman sana Secretary, talaga?

**SEC. DIZON:** Hindi ko po masasabi iyan, kasi unpredictable ito. Nakita po natin ang mga nangyari sa ibang bansa, wala pong naging handa pero pipilitin po talaga natin na maghanda. Maghanda ng mga supplies na kinakailangan, maghanda ng kinakailangang mga ICU beds, mga regular beds at maghanda po sa mas madami at mas mabilis pang pagbabakuna.

**USEC. IGNACIO:** Okay, Secretary, nagpapasalamat kami sa inyong panahong ibinahagi at impormasyon. Secretary Vince Dizon, we hope na marami pang kababayan natin ang magpabakuna na kontra Covid-19. Salamat po sa inyo oras Secretary Vince Dizon.

**SEC. DIZON:** Maraming salamat po, sa mga kababayan po natin mag-ingat po tayo lagi. MASK, HUGAS, IWAS huwag po nating kakalimutan. Thank you po.

**USEC. IGNACIO:** Salamat po. Dumako naman tayo sa pinakahuling tala ng COVID-19 sa bansa:

- Mula sa anim na libo noong nakaraang araw, kahapon po ay pumalo na sa lampas 7,000 ang nadagdag sa mga nagka-COVID sa bansa.
- Mayroon naman naitalang 5,672 na gumaling.
- 72 ang pumanaw.
- Sa kabuuang bilang nga ng mga naitalang kaso sa bansa, 94.6% dito ang gumaling at mukhang .75% naman ang nasawi.
- 56,477 pa ang kasalukuyang aktibong kaso sa bansa o nasa 3.6% ng cases ng COVID-19.

Puntahan naman po natin ang mga balitang nakalap ng Philippine Broadcasting Service, ihahatid ni John Mogol ng PBS Radyo Pilipinas.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo John Mogol, ng PBS Radyo Pilipinas. Sa Region VII, nagsagawa ng isang Barangay Alihan ang Police Regional Office sa Cebu. Magbabalita si John Aroa:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo John Aroa. Maraming salamat din sa ating mga partner agency para sa kanilang suporta sa ating programa at maging ang Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas o KBP. At dito na po nagtatapos ang ating programa sa araw na ito.

Sa ngalan po ni Secretary Martin Andanar, ako po ang inyong lingkod Usec. Rocky Ignacio, hanggang bukas pong muli dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

###

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*